# Sa Pintuang Bayan

***"Kanilang kinapopootan ang nananaway sa pintuang-bayan, at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuwid." (Amos 5:10)***

Ang pintuan ang isa at sa bawat bayan sa dating panahon ay ang lugar kung saan ang mga matatanda at ang mga namumuno ng bayan ay nakaupo upang makatagpo ang mga bayan at para magpasya sa mga usapin sa buhay. Ngunit bakit ang pintuang-bayan ay ginamit sa layuning iyon, kung saan ang matatanda ay nakaupo at nagbibigay ng kanilang mga pagpapasya tungkol sa mahahalagang bagay ng buhay?

Ang pintuang-bayan ay ang lugar kung saan ang mga tao ay lilisan sa bayan upang pumaroon at maglalakbay sa ibang lugar para sa ilang layunin. Kaya kapag sila ay lumapit sa pintuang-bayan kinakailangan nilang magpahayag ng dahilan kung bakit sila aalis. Kaya sa lugar na iyon ay tatanggapin nila ang pahintulot para umalis at magpatuloy sa kanilang paglalakbay o kung sila ay tatanggihan. Ganon din kung sila ay aalis sila ay susuriin at titingnan ang mga bagay na kanilang dadalhin palabas ng bayan. Mahahalagang bagay na mahalaga at importante para sa partikular na bayan na maaring hindi sila pahintulutan na ipalabas sa kanila.

Ang pintuang-bayan ay ang lugar kung saan ang mga tao mula sa labas ay tatanggapin sila at susuriin bago sila makapasok sa bayan. Kung sila ay may dala dalang masasamang bagay ito ay maaring kunin sa kanila. O sila ay masasamang mga tao sila'y tatanggihang makapsok sa bayan.

Sa gayon para sa kahalagahan ng lugar na iyon at dahil sa maraming aktibidadis ang ginagawa sa pintuang-bayan, kaya iyon ang lugar kung saan ang mga hukom at ang matatanda ng bayan ay magkikita doon upang katagpuin ang mga tao at hawakan ang mahahalagang bagay sa kanilang buhay at makialam at magpasya tungkol sa ilang mahahalagang pangyayari sa kanilang buhay.

Sa ganoong kadahilanan at pangyayari, sa gayon ito ay sapilitan para sa mga hukom at matatanda ng bayan upang sundin ang kautusan ng Diyos at salitain at ipatupad ang mahalagang pagpapasya sa buhay ng mga tao. Para sa atin sa Bagong Testamento ang pintuang-bayan ay ang Simbahan ng Diyos at ang mga namumuno, at ang mga matatanda ng simbahan ay ang mga tao na may pananagutan upang suriin ang buhay ng bayan ng Diyos.

Sa karagdagan sa ibaba ang Banal na Kasulatan ang magbibigay liwanag sa atin tungkol sa kahalagahan ng pintuang-bayan at kung ano ang tungkulin na gagawin sa pintuang-bayan.

***1. Pagdidisiplina sa mga anak: "Kung ang isang lalake ay may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw makinig ng tinig ng kaniyang ama, o ng tinig ng kaniyang ina, at bagaman kanilang parusahan siya ay ayaw makinig sa kanila:19 Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang bayan, at sa pintuang-bayan ng kaniyang pook;20 At kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang bayan. Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik, na ayaw niyang dinggin ang aming tinig; siya'y may masamang pamumuhay, at manglalasing.21 At babatuhin siya ng mga bato, ng lahat ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo; at maririnig ng buong Israel, at matatakot." (Deutronomio 21:18-21)*** Ang mga magulang na hindi kayang hawakan at disiplinahin ang kanilang mga anak, sa gayon ang mga bata ay dadalhin ng mga magulang sa pintuang-bayan, sa matatanda, upang masuri, disiplinahin at harapin. Kailangan nating iulat ang makasalanang bagay na ginagawa ng ating mga anak sa namumuno ng simbahan upang mapayuhan tayo at matulungan tayong hawakan sila sa tamang paraan.

***2. Mahalagang desisyon katulad ng pag-aasawa, at pagbebenta at pagbili ng mga ari-arian:*** Sa aklat ng Ruth nang si Boaz ay hinarap ang ibang kamag-anak patungkol sa ari-arain ni Noemi at pag-aasawa kay Ruth ang balo ni Mahlon. Si Boaz ay pumunta sa pintuang-bayan at binuksan ang bagay sa matatanda upang payagan at saksihan ang pag-uusap gaya ng mababasa mo rito***: "1 Si Booz nga'y sumampa sa pintuang-bayan, at naupo siya roon: at, narito, ang malapit na kamaganak na sinalita ni Booz ay nagdaan; sa lalaking yao'y sinabi niya, Oy, kuwan! lumiko ka, maupo ka rito. At siya'y lumiko, at naupo.2 At siya'y kumuha ng sangpung lalake sa mga matanda sa bayan, at sinabi, Maupo kayo rito. At sila'y naupo.3 At sinabi niya sa malapit na kamaganak, Ipinagbibili ni Noemi, na bumalik na galing sa lupain ng Moab, ang bahagi ng lupa, na naging sa ating kapatid na kay Elimelech:4 At aking inisip na ipahayag sa iyo, na sabihin, Bilhin mo sa harap nilang nakaupo rito, at sa harap ng mga matanda ng aking bayan. Kung iyong tutubusin ay tubusin mo; nguni't kung hindi mo tutubusin ay saysayin mo nga, upang matalastas ko: sapagka't wala nang tutubos na iba pa liban sa iyo: at ako ang sumusunod sa iyo. At sinabi niya, Aking tutubusin.5 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz, Anomang araw na iyong bilhin ang parang sa kamay ni Noemi, ay marapat na iyong bilhin din ang kay Ruth na Moabita, na asawa ng***

***namatay, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana.6 At sinabi ng malapit na kamaganak, Hindi ko matutubos sa ganang akin, baka masira ang aking sariling mana: iyo na ang aking matuwid ng pagtubos; sapagka't hindi ko matutubos.7 Ito nga ang kaugalian ng unang panahon sa Israel tungkol sa pagtubos at tungkol sa pagpapalit, upang patotohanan ang lahat ng mga bagay; hinuhubad ng isa ang kaniyang pangyapak, at ibinibigay sa kaniyang kapuwa: at ito ang paraan ng pagpapatotoo sa Israel.8 Sa gayo'y sinabi ng malapit na kamaganak kay Booz, Bilhin mo sa ganang iyo. At hinubad niya ang kaniyang pangyapak.9 At sinabi ni Booz sa mga matanda at sa buong bayan, Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng kay Elimelech, at lahat na kay Chelion, at kay Mahalon, sa kamay ni Noemi.10 Bukod dito'y si Ruth na Moabita, na asawa ni Mahalon, ay aking binili na maging aking asawa, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huwag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuang-bayan ng kaniyang dako: kayo'y mga saksi sa araw na ito.11 At ang buong bayan na nasa pintuang-bayan, at ang mga matanda ay nagsabi, Kami ay mga saksi. Gawin ng Panginoon ang babae na pumapasok sa iyong bahay, na gaya ni Rachel at gaya ni Lea, na silang dalawa ang nagtatag ng sangbahayan ni Israel, at maging makapangyarihan ka sa Ephrata, at maging bantog sa Bethlehem:12 At ang iyong sangbahayan ay maging gaya ng sangbahayan ni Phares, na ipinanganak ni Thamar kay Juda, sa binhi na ibibigay ng Panginoon sa iyo sa batang babaing ito.13 Sa gayo'y kinuha ni Booz si Ruth, at siya'y naging kaniyang asawa; at siya'y sumiping sa kaniya, at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak ng isang lalake." (Ruth 4:1-13)***
Kaya't dito makikita nating malinaw na ang paguusap sa lupa at sa pag-aasawa sa balo ay magaganap sa ilalim ng pamamahala at pahintulot ng matatanda sa bayan. Mga plano para sa pag-aasawa at plano para sa pagbili ng lupain at mga bahay ay seryosong desisyon at kailangan nating lumapit sa mga namumuno ng simbahan, ipaalam sa kanila ang buong bagay, upang maturuan tayo at bigyan tayo ng tamang payo at ang kalooban ng Diyos sa bagay na ating gagawin.

***3. Pakikipagharap sa mga immoralidad at pagtataksil sa pag-aasawa: "13 Kung ang sinoman ay magasawa, at sumiping sa kaniya, at kaniyang kapootan siya,14 At kaniyang bintangan ng mga kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal niya, at sabihin, Aking kinuha ang babaing ito, at nang sipingan ko siya, ay hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng pagka donselya:15 Kung magkagayo'y ang ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas ng mga tanda ng pagka donselya ng dalaga sa harap ng mga matanda sa bayan, sa pintuang-bayan;16 At sasabihin ng ama ng dalaga sa mga matanda, Ibinigay ko ang aking anak sa lalaking ito na maging asawa at kaniyang kinapootan siya;17 At, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang bagay, na sinasabi, Hindi ko nasumpungan sa iyong anak ang mga tanda ng pagka donselya: at gayon ma'y ito ang mga tanda ng pagka donselya ng aking anak. At kanilang ilaladlad ang kasuutan sa harap ng matatanda sa bayan.18 At kukunin ng mga matanda sa bayang yaon ang lalake at parurusahan siya;19 At kanilang sisingilin siya ng isang daang siklong pilak at ibibigay sa ama ng dalaga sapagka't kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang donselya sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan.20 Nguni't kung ang bagay na ito ay totoo na ang mga tanda ng pagka donselya ay hindi masumpungan sa dalaga;21 Ay kanila ngang ilalabas ang dalaga sa pintuan ng bahay ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato, ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: sapagka't nagkasala siya ng kaululan sa Israel, na nagpatutot sa bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo.22 Kung ang isang lalake ay masumpungan, na sumisiping sa isang babaing may asawa, ay kapuwa nga sila papatayin, ang lalake na sumiping sa babae, at ang babae: gayon mo aalisin ang kasamaan sa Israel.23Kung ang isang dalagang magaasawa sa isang lalake, at masumpungan siya ng isang lalake sa bayan, at sumiping sa kaniya;24 Ay inyo ngang ilalabas kapuwa sila sa pintuan ng bayang yaon, at inyong babatuhin sila ng mga bato upang sila'y mamatay; ang babae, sapagka't di siya sumigaw, ay nasa bayan; at ang lalake, sapagka't pinangayupapa ang asawa ng kaniyang kapuwa: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo." (Deutronomio 22:23-24)*** Tulad ng nakikita mo nang malinaw na ang matatanda ng pintuang-bayan ay nasasangkot sa mga usapin na patungkol sa aspeto ng moral ng pamilya at pag-aasawa. Sa parehong paraan ang simbahan ay mayrooon dapat ng isang salita at magagawang harapin ang kasalanan na kaugnay sa immoralidad at nakakaapekto iyon sa kabanalan ng pag-aasawa. Ang mga namumuno ng simbahan ay dapat ingatan ang simbahan sa pamumuhay sa kabanalan ng kapaligiran sa pagdidisiplina sa lalake at babae sa pamamagitan ng hindi pagpapahintulot ng kasintahang lalake at kasintahang babae na nangyayari at isalapat ang pagdidisiplina sa kasuotan ng lalake at babae at makeup upang maiwasan ang kahubaran na nagtataguyod ng immoralidad. Ganon din ang simbahan ay dapat hindi payagan ang batang lalake at batang babae na makihalubilo sa bawat isa, ang lalake ay dapat makisama sa bawat lalake at ang babae ay sa kapwa babae upang ang immoralidad ay maiwasan. Kailangan nating maging alisto tungkol sa kasalanan ng immoralidad sapagkat ito'y napaka epektibong paraan ng diablo upang ipakilala ng demonyo sa simbahan at magsanhi sa iba mahawaan at humantong sa immoralidad***. "15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko nga baga ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari.16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman.17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya.18 Magsitakas kayo***

***sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan.19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili;20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." (1 Corinto 6:15-20)***

***4. Karunungan at pagkilala para sa mapanganib na mga pagpapasya:*** Ang matatanda na nasa pintuang-bayan ay dapat makilala sa kanilang katayuan, sa kanilang buhay at patotoo at sa pagiging tagasunod ng Diyos. Ang kanilang pamilya ay nasa maayos at ang kanilang buhay ay isang mabuting halimbawa at isang patotoo na dapat sundan. Ang ***Kawikaan 31 bersekulo 10 hanggang 31*** ay nagsasalita tungkol sa babae ng may katangian ng kabaitan at kung paano ang kanyang magandang pahayag sa pamilya ay makakagawa ng malaking epekto sa kanyang asawa at ang kanyang impluwensya sa pintuang-bayan**.** ***"Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga pintuang-bayan, pagka siya'y nauupo sa kasamahan ng mga matanda ng lupain." (Kawikaan 31:23)*** Ang ganoong uri ng babae at pamilya ay maayos na patotoo ng at ang mabuting halimbawa sa iba upang sundan. ***"Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan." (Kawikaan 31:31)*** Ang simbahan ay dapat magkaroon ng matatanda, na ang kanilang mga buhay at pamilya ay mabuting halimbawa at hamon sa iba upang sundan, kaya sa kanila bilang kapalit ay magbigay ng isang mabuting pahayag ng karunungan sa mapanganib na mga isyu ng simbahan na pinagdaraanan. Ang karunungan ay kinakialangan sa pintuang-bayan, Karunungan, ***"Siya'y humihiyaw sa mga pangulong dako na pinaglilipunan; sa pasukan ng mga pintuang-bayan, sa bayan, kaniyang binibigkas ang kaniyang mga salita:" (Kawikaan 1:21)*** Ang karunungan ay kinakailangan para sa matatanda ng simbahan sa pangunguna sa mga usapin ng gawain ng Simbahan at ng Kanyang bayan***, "1 Hindi ba umiiyak ang karunungan, at inilalabas ng unawa ang kaniyang tinig?2 Sa taluktok ng mga mataas na dako sa tabi ng daan, sa mga salubungang landas, siya'y tumatayo;3 Sa tabi ng mga pintuang-bayan sa pasukan ng bayan, sa pasukan sa mga pintuan siya'y humihiyaw ng malakas:4 Sa inyo, Oh mga lalake, ako'y tumatawag; at ang aking tinig ay sa mga anak ng mga tao.5 Oh kayong mga musmos, magsiunawa kayo ng katalinuhan; at, kayong mga mangmang, makaunawa kayo sa puso." (Kawikaan 8:1-5)*** Sa mga nangunguna ng simbahan ay dapat magkaroon ng karunungan ng Diyos at ang kanilang buhay at ang kanilang mga patotoo ay dapat magpatotoo sa kanila***: "Sino ang marunong at matalino sa inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan." (Santiago 3:13)***

***5. Ang pamilya na magpapalaki ng makaDiyos na mga anak ay magpapalaki ng mga lalaki na haharap sa mga kaaway at ang mahalagang isyu sa pintuang-bayan. "4 Kung paano ang mga pana sa kamay ng makapangyarihang lalake, gayon ang mga anak ng kabataan.5 Maginhawa ang lalake na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga yaon: sila'y hindi mapapahiya, pagka sila'y nakikipagsalitaan sa kanilang mga kaaway sa pintuang-bayan." (Awit 127:4-5)*** Ang makaDiyos na mga pamilya at makaDiyos na magulang ay panapanatili ang kapaligiran ng bahay sa pagsasanay ng mga layunin para sa mga anak upang mapalaki bilang makaDiyos na mga anak na may takot sa Diyos at sinanay sa Salita ng Diyos kung paanong hawakan ang mga isyu ng mga suliranin sa buhay. Ang pamilya ni Rebeka nang siya ay ipinadala upang maging asawa ni Isaac hiniling nila ang sumusunod: ***"At kanilang binasbasan si Rebeca, at sinabi nila sa kaniya, Kapatid namin, maging ina ka nawa ng yutayuta, at kamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan niyaong mga napopoot sa kanila." (Genesis 24:60)*** Sa dating panahon ang pintuang-bayan ay ang pinakamahalagang dako at kung ang kaaway ang pipigil sa dakong ito makakagawa nilang kunin ang bayan. Si Joshue nang kinuha ang bayan ng Ai at pinatay ang mga hari nito, ginawa niya ang mga sumusunod sa hari ng kaaway***, "At pinapagpaalam sila ni Josue: at sila'y yumaon sa pagbakay, at lumagay sa pagitan ng Beth-el at ng Hai, sa dakong kalunuran ng Ai: nguni't si Josue ay tumigil ng gabing yaon sa gitna ng bayan." (Joshue 8:9)***

Si JesuCristo sa ating Unang Tipan ay si Joshue na nanguna sa atin sa Buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Kanyang dugo na ibinuhos sa krus para kapatawaran ng ating mga kasalanan. Sinabi Niya kay Simon Pedro***, "18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." (Mateo 16:18)*** Ang pintuan ng impierno ay ang pintuan ng mga kaaway na namumuhi kay Cristo at sa Kanyang binhi.

Si Cristo na ating Panginoon at ang ating Tagapagligtas. Nagbata siya sa Kanyang mga kaaway sa labas ng pintuang-bayan at siya ay nagtagumpay**.** ***"Kaya naman si Jesus, upang mapaging banal sa pamamagitan ng kanilang sariling dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan." (Hebrew 13;12)*** Ipinako nila Siya sa labas ng Jerusalem. Kinamuhina nila Siya dahil hinarap Niya sila sa kanilang mga kasalanan at mga paglabag, at inilantad Niya ang lahat ng kanilang mga katiwalian. Kailangan nating sundan ang Kanyang halimbawa sa paglilingkod sa Kanya. Ang mga tao ay dapat mamuhi sa atin dahil sa ating matatag na katayuan laban sa kasalanan, kamunduhan, laban sa tradisyon, at laban sa lahat ng gawa ng Diablo. Ang ating Panginoong JesuCristo sa Kanyang pagkaseserdoteng panalangin. Binanggit Niya sa Diyos, sa Ama, at sa sumusunod tungkol sa atin, ang Kanyang mga disipolo***, "14 Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagka't hindi sila taga***

***sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan." (Juan 17:14)*** Ang mga tao ng sanglibutan ay dapat mamuhi sa atin sa isang punto o sa iba kaugnay sa katuruan ng Salita ng Diyos. Kung minamahal ka ng lahat at nalulugod sa iyo, sa gayon siguradong ikaw ay nakikipagkompromiso at hindi hinaharap ang mga tao sa kanilang mga kasalanan. Iyon ay katawagan para sa pagsisisi mula sa iyong panig.

At ngayon ano ang ating masasabi tungkol sa ***Amos 5:10, "Kanilang kinapopootan ang nananaway sa pintuang-bayan, at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuwid." (Amos 5:10)***

***Kanilang kinapopootan ang nananaway sa pintuang-bayan,*** Sa mga gumagawa ng mali at sinaway at tumigil sa paggawa ng masama at sa pagsunod sa sariling kagustuhan, tiyak ang kanilang kamumuhian ay ang mga hukom at matatanda na nagsaway sa kanila. Sa ngayon ang namumuno ng simbahan ay ayaw nilang makialam sa buhay ng mga tao na ipinagkatiwala sa ilalim ng kanilang pangangalaga, simple dahil ayaw nilang kamuhian sila ng mga tao o magalit sa kanila.

***at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuwid;*** Mas nakakalungkot na malaman na ang mga tao ay hindi gusto ang mga taong dalisay na hindi masama sa mga usapin ng kanilang buhay. Sa ngayon ang mga namumuno ng simbahan ayaw nilang ipahayag ng matapang ang kanilang katayuan at ang malinaw na sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga isyu ng buhay, dahil ayaw nilang makasakit ng damdamin ng mga tao at ng kanilang mga emosyon.

Ang kasalanan, katulad ng pagnanakaw, pangangalunya, panunuhol, pagsisinungaling, atbp. Ay ang nakakalungkot na bagay. Ngunit ang mas mas makasalanan kaysa sa mga kasalanang ito ay kapag ang simbahan ay nalalaman ang tungkol sa maling mga bagay na ang mga tao na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga ay gumagawa ngunit sila'y nanatiling tahimik, hindi pagharap sa kanila at hindi pagpapahayag sa kanila ng kalooban ng Diyos. Ang pakikipagkompromiso ay pinakamasamang kasalanan na lubhang mapanganib sa simbahan sa ngayon. Sa mga nakikipagkompromiso sa mga kasalanan ay kabahagi sa mga gumagawa ng nabanggit na mga kasalanan at tagapaghikayat sa kanila.

Ang mga pastor, matatanda, at ang lahat ng namumuno ng simbahan na hindi nagsasaway sa mga tao para sa kanilang mga kasalanan at hindi nakikialam sa mga personal na buhay ng mga tao dahil gutso nilang panatilihin ang tulong ng mga tao, at ayaw nilang ayawan sila ng mga tao, sila'y hindi naglilingkod sa Diyos at ang kanilang ministerio ay nakakapinsala.

Sinabi ni Apostol Pablo***, "11 At huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng kadiliman, kundi bagkus inyong sawatain;" (Epeso 5:11)*** Ang mga namumuno ng simbahan ang kanilang pananagutan at magiging ganap kapag:

A. *Ilantad ang mga kasalanan.*
B. *Pagsaway sa mga makasalanan sa kanilang mga kasalanan, sa paglalantad ng kanilang mga kasalanan, pagpapalawak ng masamang epekto ng kanilang mga kasalanan, at pagharap sa kanila, tulungan silang palayain, at disiplinahin sila ng maayos.*
C. *Pag-iingat sa lahat ng mga kasapi ng simbahan sa pagkakahawa sa kasalanan ng iba. Kaya naman bilang mga bantay kailangan nating iulat sa mga namumuno ng simbahan ang mga detalye anumang kasalanan at maling gawain na darating sa ating buhay upang harapin sila ng maayos.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang mga namumuno ng simabahan ay hindi dapat matakot sa mga salita at opinyon ng mga tao. Inilagay ka ng Diyos sa pintuang-bayan upang paglingkuran Siya sa gayon maging matatag at gawin ang gawain ng Diyos nang totoo. ***"10 At anomang kaalitan ang dumating sa inyo na mula sa inyong mga kapatid na nagsisitahan sa kanilang mga bayan, na dugo't dugo, kautusan at utos, mga palatuntunan at mga kahatulan, ay inyong papayuhan sila, upang sila'y huwag maging salarin sa Panginoon, at sa gayo'y kapootan ay huwag dumating sa inyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y hindi magiging salarin." (2 Cronica 19:10)*** Ang mga namumuno ng simbahan ay hindi dapat makipagkompromiso kapag ang kasalanan ay nalantad. Sapagkat kung hindi sila kikilos, ang poot ng Diyos ay darating sa buong simbahan at ang mga tao ay babagsak sa maraming kagulughan dahil sa poot ng Diyos na pumukaw sa pakikipagkompromiso ng mga namumuno ng simbahan. Kaya kailangan nating sawayin ang mga nagkakasala, at ilantad ang kasalanan at iulat sila sa mga namumuno ng simbahan upang ito'y harapin ng maayos at iyon ang magsanhi ng pabor ng Diyos, ng biyaya ng Diyos, at ang pagsangayon ay darting sa buong simbahan. Tayong lahat, lahat tayo ay italaga ang ating sarili sa paglilingkod sa pintuang-bayan at gawin ang kinakailangan gaya ng ating natutunan sa mensaheng ito.

***Aking Panalangin:*** Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon patawarin ako sa aking pakikipagkompromiso sa mga kasalanan ito at sa mga sumusunod na mga tao.

Ngayon aking ipinapangako ang aking sarili na manindigan at maging matapang na harapin ang mga kasalanan at tulungan ang mga makasalanan na magsisi at bumalik sa iyo. Panginoon bigyan ako ng karunungan at tulungan ang mga tao na maunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa iyong kalooban at tulungan silang kunin at ipatupad and makaDiyos na mga pagpapasya. Panginoon tustusan kami at ibigay sa akin upang patuloy akong makapaglingkod s aiyo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalake at babae na tapat na kinuha ang mensahe at isalapat sa kanilang buhay, upang ang iyong simbahan ay maprotektahan at ang aming mga kaaway ang diablo ay magapi. Panginoon ako'y nanalanagin para sa transparency ng kanilang buhay upang buksan ang mga nakatagong mag bagay na itinatago ng diablo upang sila ay gumaling at makarecovered mula sa kasalanan at mula sa lahat ng mga epekto ng gawa ng Diablo. Panginoon pagalingin at suportahan ang mga gustong sumunod sa katuruan ng iyong Salita. Panginoon bigyan sila ng mabungang paglilingkod, protektahan sila, at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon ibigay sa kanila ang pagkakakilala at karunungan na makita ang mga banta ar hawakan ito ng maayos.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at protektahan ito, Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagbig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com